

# Mga Pangitain ng Pagdagit (Rapture), Kapighatian, ang Banal na Lungsod, at ang mga Trono ng Diyos at satanas.

## Ang patotoo ng isang 8 taong gulang na babae na nakaharap si HesuKristo.

**(*Jannet Balderas Canela*)**

*Orihinal na Salin mula sa Salitang Kastila, idinagdag ang mga larawan at hindi bahagi ng orihinal na patotoo. Ang patotoong ito ay tiniyak at kinumpirma ng isang independiyente at pinagtitiwalaang propeta. (www.DivineRevelations.info)*

Minamahal na mga kapatid, nawa'y pagpalain kayong lahat ng Panginoon sa mga oras na ito. Basahin natin mula sa Bibliya sa 2 Corinto 12:1-4, ang Banal na Salita ng Diyos. Sa ngalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo *"Kinakailangang ako'y magmapuri, bagaman ito'y hindi nararapat; nguni't aking sasaysayin ang mga pangitain ko at mga pahayag ng Panginoon. Nakikilala ko ang isang lalake kay Cristo, na mayroong nang labingapat na taon (maging sa katawan, aywan ko; o maging sa labas ng katawan, aywan ko; Dios ang nakaalam) na magaw hanggang sa ikatlong langit. At nakikilala ko ang toang iyan (maging sa katawan, o sa labas ng katawan, aywan ko; Dios ang nakaaalam), Na kung paanong siya'y inagaw sa Paraiso, at nakarinig ng mga salitang di masayod na hindi nararapat salitain ng tao."*

Isasalaysay ko sa inyo ang isang karanasan na aking naranasan kasama ang Panginoon noong Setyembre 5, 1999. Kami ay nasa simbahan at ang kapangyarihan ng Diyos ay pinupuno ang aming mga buhay. Ako ay napahandusay sa sahig at naramdaman ko ang presensya ng Panginoon. Naramdaman ko na ang Panginoon ay nakikitungo o nakikipagtipan sa akin, at pinasimulan Niyang ipakita ang mga pangitain sa akin.

Sa isang pangitain, nakakita ako ng dalawang landas, ang isa ay napaka lapad, na maraming tao ang naglalakad dito, subalit sila ay naglalakad patungo sa kanilang kapahamakan. Ang isa pang landas ay napaka kitid, nakakita ako roon ng maraming tao naglalakad patungo sa landas na ito, nangagpupuri at nangagbibigay ng kaluwalhatian sa Panginoon.



Pagkatapos ipinakita sa akin ng Panginoon ang isa pang pangitain na kung saan ang isang anghel ay nakikidigma sa isang dragon. Ang dragon ay nagtapon o bumuga ng apoy at mga demonyo rito sa Mundo.



Pagkatapos noon nakakita ako ng isa pang pangitain ng isang napaka liwanag na orasan. Ito ay yari sa ginto. Ang basa ng oras ay alas dose. Subalit nakita ko ang isang kamay pinihit pabalik sa alas onse ang orasan. Sinabi sa akin ng Panginoon, ***"Tignan mo Aking lingkod, pinihit Kong pabalik ang oras dahil hindi nakahanda ang Aking mga tao na tulad ng Aking inaasahan, pinipihit Kong pabalik ang oras, dahil ang aking mga tao ay hindi nagpupuri na kagaya ng Aking nais, kaya ganoon, dahil sa Aking malaking habag Ako'y nagbibigay ng huling pagkakataon, upang ang bawat pumunta sa Aking paanan ay nakasumpong ng buhay na walang hanggan."***

Pagkatapos ipinakita sa akin ng Panginoon ang isa pang pangitain, habang ako ay nakahiga pa sa sahig. Nakakita ako ng isang lalaki na nakasakay sa isang kabayo patungo sa akin. Iniunat Niya ang Kanyang mga kamay, at lumapit sa lugar na aking kinaroroonan sa sahig. Pagkatapos naramdaman ko na kinuha ako ng Panginoon sa Kanyang mga braso. Naramdaman kong kinuha Niya ang aking espiritu palabas ng aking katawan at patungo sa Kanyang mga braso. Pagkatapos nagpasimula kaming sumakay, sumakay kami pataas at humito sa isang lugar na di kataasan at di naman kababaan. Sinabi Niya sa akin, ***"Tignan mo Aking lingkod, sinabi Ko sa iyo na isasama kita, at iyon ang ginagawa ko ngayon, dahil ang sinasabi ng aking bibig ay ginagawa Ko. Kung ano sinabi Ko, gagawin Ko. Ito ang dahilan kaya kita isinama rito Aking lingkod. Subalit una sa lahat ay ipapakita Ko sa iyo ang aking mga sugat, upang iyong maalala at hindi malimutan kung ano ang ginawa Ko para sa inyong lahat."***

Dumating kami sa Trono ng Diyos at ipinakita sa akin ng Panginoon ang sugat ng mga pako at ang binutas sa Kanyang tagiliran. Ipinakita rin Niya sa akin kung paano Siya hinagupit. Nakita kong lahat nang mga marka at mga latay na binata Niya para sa ating lahat. Sinabi Niya, ***"Tignan mo aking lingkod, marami sa inyo ang hindi iniisip ang lahat ng Aking ginawa para sa inyo, marami sa inyo ang nalimutan na Ako ay namatay para sa inyo sa krus ng Kalbaryo, at Ako ay nasasaktan Aking lingkod. Ako'y nasasaktan sa tuwing Ako ay tinatatwa, tila baga na muling binubuksan ang sugat, at ito ay masakit sa Akin. Ito ay tulad ng pagpapako sa Akin muli sa krus."*** Nakita ko kung papaanong umiiyak ang Panginoon, dahil nararamdaman Niya ang sakit sa tuwing binibigo natin Siya.

# -LANGIT-



Sabi Niya, ***"Lingkod, ipapakita Ko sa iyo ang maraming bagay, ipapakita Ko sa iyo ang mga landas na ginto at ang kristal na dagat, upang ikaw ay makahayo at sabihin sa Aking mga tao kadakilaan na Aking inihanda para sa kanila."***

Pagdakay dumating kami sa isang lugar na mayroong napaka gagandang mga lansangan, napaka ganda. Hindi ko pa nakita o nahipo ang ganoong kagagandang mga bagay sa Mundo. Ang mga lansangan ay kumikinang! Sabi ng Panginoon, ***"Aking lingkod, hipuin mo itong kalsadang ginto, dahil ikaw at ang Aking mga tao ay titira rito, dahil sa lugar na ito malapit nang sumakay ang Aking mga tao."*** Nakita ko ang aninag ng Panginoon at ako na kapwa nakasakay sa kabayo.

Matapos na kami ay makarating sa kristal na dagat, ito ay sobrang ganda. Habang ako ay nakasakay kasama ang Panginoon sa loob ng katangi-tanging dagat sinabi Niya sa akin, ***"Aking lingkod, ang lahat ng ito ay hindi sa Akin, ang lahat ng ito ay para sa Aking mga tao. Lahat ng mahihipo mo ay inihanda Ko ito na may lubos na pag-ibig para sa Aking mga tao."*** Pagkatapos sinabi Niya, ***"Lingkod lumapit ka, dahil ipapakita Ko sa iyo ang iba pang mga bagay."***

Dumating nga kami sa isang magandang lugar na makikita ko ang kaluwalhatian ng Diyos, at madama ang Kanyang kapangyarihan. Ito ay isang malaking magandang lugar. Nakita ko ang maraming mga lamesa, kaya tinanong ko ang Panginoon, *"Panginoon para saan ang lahat ng mga lamesang ito?"* Sabi Niya, ***"Lingkod tandaan ang Kasalan ng Kordero, tandaan na sa ibabaw ng mga lamesang ito natin ipagdiriwang ang Kasalan ng Kordero."*** Nakita ko ang di mabilang na dami ng mga lamesa, at hindi ko makita ang dulo ng mga ito. Mayroong mga anghel sa bawat lamesa, kaya tinanong ko ang Panginoon, *"Panginoon, bakit may anghel sa bawat lamesa at upuan?" Sabi ng Panginoon,* ***"Aking lingkod, ang mga anghel na ito ay naggagayak sa mga lamesa, at ang mga anghel na ito ay ihinahanda na ang bawat lamesa dahil hinahanda Ko na ang bawat bagay."***

Minamahal na mga kapatid, ang mga lamesang iyon ay napakakikinang; lahat sila ay yari sa ginto. Ang mga lamesa ay talagang mainam na ginayakan. Nakita ko kung papaanong inilalagay ng bawat anghel ang tinidor, ang kutsilyo, ang kutsara, ang mga baso, ang mga bandihado, lahat ay yari sa ginto, napaka ganda. Ang Panginoon nagsabi sa akin, ***"Lingkod, sabihin mo sa Aking mga tao na maghanda dahil malapit na at kukunin Ko silang kasama Ko upang sila ay makarating dito at magsayang kasama Ko sa Kasalan ng Kordero."***

Ito ay sadyang napaka ganda; ang presensya ng Panginoon ay nararamdaman doon, lubos na kaluwalhatian at kamaharlikaan! Ang sabi ng Panginoon, ***"Lingkod, lumapit ka dahil may ipapakita pa Ako sa iyong ibang mga bagay."*** Dumating kami sa isang lugar na mayroong maraming magagandang pintuan, napakaraming magagandang pintuan. Sinabi ko, *"Panginoon ano ang nasa likod ng mga pintuan iyon?"* Sinabi Niya, ***"Sa likod ng mga pintuang ito ay ang Aking mga alagad, sa likod ng mga pintuang ito ay ang Aking mga sinugo o apostol, sa likod ng mga pintuang ito ay ang lahat nang minsang lumakad sa ibabaw ng mundo nagpupuri at nagluluwalhati sa Aking Pangalan."***

## -MARIA-



Muli kaming nagpasimulang sumakay at dumating sa isang pintuan na nakabukas nang kalahati, at sinabi ng Panginoon, ***"Lingkod lumapit ka rito, lumapit ka dahil sa likod ng pintuang ito ay si Maria. Lumapit ka at pakinggan mo kung ano ang kanyang sinasabi, upang ikaw ay makahayo at sabihin sa Aking mga tao, upang masabi mo sa mga tao kung papaanong si Maria ay nasasaktan."*** Ako'y lumapit at nakita ang isang batang babae, sadyang napakagandang isang batang babae, napaka ganda, ang kanyang mukha at napaka rilag. Siya ay nakatingin sa loob ng isang napaka liit na bintana. Siya ay naka luhod at nakatingin sa mukha ng Mundo, umiiyak na taglay ang matinding kirot.

Sabi niya, *"Bakit ninyo ako sinasamba? Bakit, kung wala naman akong kapangyarihan! Bakit ninyo ako sinasamba? Wala akong ginawang anuman! Huwag ninyo akong sambahin! Huwag kayong lumuhod sa harap ko! Sapagkat hindi ko kayo kayang iligtas! Ang tanging makapagliligtas, ang tanging makatutubos sa inyo ay si Hesus, na namatay para sa lahat ng tao! Sinasabi ng maraming tao na ako ay may kapangyarihan, na ako ay nakagagawa ng himala, subalit ito ay isang kasinungalingan! Wala akong ginawang anuman! Ang Diyos na makapangyarihan sa lahat ay nasiyahan sa akin at ginamit Niya ang aking sinapupunan upang si Hesus ay maipanganak at iligtas ang bawat isa, subalit wala akong kapangyarihan. Wala akong magagawang anuman! Huwag kang luluhod sa aking harapan! Huwag ninyo akong sambahin! Sapagkat hindi ako karapatdapat sambahin. Ang tanging karapatdapat, ang tanging dapat luhuran at mahalin ay si Hesus! Siya lamang ang tanging nakapagpapagaling at nakapagliligtas!"*

Nakikita ko kung papaano nasasaktan nang higit ang batang babaing iyon, puno nang hinagpis at pagluha. Sinabi niya, *"Hindi! Hindi! Huwag ninyo akong sambahin! Bakit kayo lumuluhod sa harap ko! Wala akong ginawang anuman!"* Nakikita mo mahal na kapatid, ito'y isang pambihirang bagay na pagmasdan ang isang batang babaing ito, kung papaano siya lumuha na taglay ang ganoong kirot at kalungkutan.

# -MGA BALABAL AT KORONA-

Sinabi sa akin ng Panginoon, ***"Lingkod halika rito, dahil magpapatuloy Akong ipakita sa iyo ang maraming mga bagay."*** Dumating kami sa isang napaka gandang lugar na kung saan nararamdaman ko ang kaluwalhatian ng Diyos. Nakakita ako ng mga lino at mga lino ng mga puting mga balabal, napaka puputi at napaka gaganda! Hinipo ko sila at sinabi ng Panginoon, ***"Lingkod, hipuin mo ang mga balabal na ito, sapagkat ang mga balabal na ito ay para sa inyong lahat."***


Nakita ko ang maraming lino at hinipo ang mainam na kasuotan. Ito ay kumikinang at puti, na hindi ko pa kailan man na hipo sa Mundo. Sinabi ng Panginoon, ***"Lingkod, ang mga balabal na ito ay para sa inyong lahat."*** Mayroong mga luha na dumadaloy sa mga pisngi ng Panginoon. Ang sabi ng Panginoon, ***"Lingkod, marami sa mga puting balabal na ito ay mananatili rito, maghahantay para sa sinuman na kukuha sa kanila. Marami sa mga balabal na ito ay mananatili rito, maghahantay para sa isang katawan.*** *"Bakit Panginoon?"* Tanong ko, ***"Dahil marami ang hindi sumasamba sa Akin na tulad ng ibig Ko, marami ang hindi pinapansin ang lahat ng mga bagay na ginawa Ko para sa inyong lahat. Lingkod marami sa mga puting balabal na ito ay mananatili rito, maghahantay para sa isang katawan, dahil sa Aking kaharian hindi ko tinatanggap ang anumang marumi. Sa Aking kaharian pinapahintulutan Ko lamang ang mga bagay na banal, dahil nasusulat sa aking Salita, magpaka banal kayo, dahil Ako ay banal."*** *(1 Pedro 1:16)*

Ako'y tumingin at nakakita ng maraming mga balabal; ang bawat isa ay may pangalang nakasulat sa ginto. Hinipo ko ang mg balabal na maliit at ibat-ibang mga sukat, at sabi ko, *"Panginoon, itong maliliit na ito, sino ang magsusuoot nito?"* Sumagot ang Panginoon, ***"Lingkod, alalahanin mo ang maliliit Kong mga anak, alalahanin mo na mayroon ako para sa bawat isa, hindi Ako nagtatangi ng mga tao, itong maliliit na balabal ay para sa Aking mga anak na nagpupuri sa Aking pangalan, ito ay para sa Aking mga anak na ibig na tumungo sa Aking Tahanan at luwalhatiin ang Aking pangalan, kaya naghanda Ako ng mga malalaking bagay para sa kanila. Mayroon Ako para sa bawat isa na naghahanap sa Akin, Mayroon Ako para sa lahat ng pumupunta sa Aking paanan, binibigyan Ko sila ng Buhay na Walang Hanggan."***



Nagpasimula kaming sumakay muli at pagdakay dumating kami sa isang malaking lugar na maraming mga korona. Mayroong mariringal na korona, kumikinang na korona, kaya sinabi ko, *"Oh Panginoon! Iyong mga korona, sila ay napakagaganda. Para kanino ang mga koronang iyon?"* Sumagot ang Panginoon, ***"Lingkod, ang mga koronang ito na iyong hinihipo, ay para sa kanila na nagpupuri sa Aking pangalan, para sa Kanila na talagang nagluluwalhati sa Aking pangalan sa paraan na ibig Ko."***

Ipinakita sa akin ng Panginoon ang iba pang mga korona, subalit napansin ko na sila ay mga balangkas lamang. Pagkatapos sinabi ng Panginoon, ***"Lingkod tumingin ka sa gawing ito."*** At nagpasimula kong makita ang iba pang mga korona, subalit ang mga koronang ito ay yari sa mga tinik, kaya sinabi ko, *"Panginoon, huwag Ninyong itulot na isang koronang tinik o isang simpleng balangkas ang para sa akin!"* Sinabi sa akin ng Panginoon, ***"Lingkod, sa lugar na ito ay may tatlong uri ng korona: ang mga mariringal at makikintab na korona na iyong nakikita at nahihipo ay para sa kanila na tunay na nagpupuri sa Aking pangalan, para sa lahat ng tunay at buong puso nagluluwalahati at nagpupuri sa Aking pangalan. Sila ay para sa kanila na naglilingkod sa Aking ubasan, para sa kanila na natutuwa na nasa Aking tahanan, para sa kanila na gumagawa nang isang pagpapagal at tumatanggap ng mga pasakit para sa kaluguran ng Aking Salita. Ang mga korona na para lamang isang balangkas, na iyong nakita at nahipo ay para sa kanila na pinaglalaruan ang Aking Salita, ito para sa kanila na ayaw sa Aking tahanan, ito ay para sa kanila na ayaw mag-ayuno, o magpunyagi, kahit na luwalhatiin ang Aking pangalan, ito ay para sa kanila na nagpupuri lamang sa Akin ng kanilang mga labi subalit hindi ng kanilang puso na ibig Ko. Bakit Aking lingkod? Dahil walang makapang dadaya sa Akin, walang lugar na mapagtataguan sa Akin. Lingkod, iyong mga koronang yari sa tinik na iyong nahihipo at nakikita, ay para sa kanila na nagtatawa sa Aking Salita, iyon ay para sa mga namumula sa Aking Salita, iyon ay para sa lahat ng Aking kinakatok sa kanilang mga puso subalit ayaw nilang tanggapin ang Aking Salita, para sa lahat ng namumula sa Aking Salita."***



## *-PANGITAIN NG PAGDAGIT-*



Pagkatapos noon sabi ng Panginoon, ***"Lingkod, ipapakita ko sa iyo ang 'rapture' o ang pagdagit, ipapakita Ko sa iyo kung papaano ang Aking pagparito."*** Kaya sabi ko, *"Panginoon marami na akong nakitang mga bagay, bakit magpapakita Ka pa sa akin ng marami pa?"* Pagkatapos dumating kami sa trono ng Diyos, at nakita ko ang libu-libo at libu-libong mga anghel sama-samang nagtitipon doon. Pagkatapos nagpasimula kaming bumaba, at ang Panginoon at ako ay huminto sa loob ng isang napaka puting magandang ulap. Nagbigay ng mga utos ang Panginoon sa mga anghel na lumapit at tanggapin ang 'church' o mga mananampalataya, at sinabi sa akin ng Panginoon, ***"Lingkod pagmasdan mong mabuti; dahil ito ang paraan sa mangyayari kapag ako ay bumalik, ito ang Aking muling pagparito."***



Nakita ko ang mga tao tumaas mula sa apat na mga sulok ng Mundo, nagpupuri sa Pangalan ng Panginoon. Lahat ng mga taong iyon ay natatakpan ng kapangyarihan ng Diyos. Sila ay nakadamit ng puting kasuotan pataas ng pataas. Nagpasimula silang umawit ng isang magandang awitin, *"Banal, Banal, Banal ikaw oh Panginoon! Salamat sa Iyo Ama! Sapagkat itinaas Mo kami! Salamat sa Iyo Panginoon, sapagkat itinaas Mo kami!"*

Nakita ko ang maraming ibat-ibang mga tao, matangkad, maliit, maitim, maputi. Lahat ng tao, at lahat ng mga anghel na iyon ay umakyat sa ulap na kung saan naroroon ang Panginoon at ako. Lahat ng mga tao at mga anghel ay punung-puno ng pasasalamat sa Panginoon, at lahat kami ay nagsabi, *"Banal, Banal, Banal ikaw oh Panginoon!"* Ito'y isang kamangha-mangha bagay, nakita ko ang napaka raming tao na ang nasa isip ko ay mga kilala ko sila. Silang lahat ay nadaramtan ng kaluwalhatian ng Diyos.

## *-PANGITAIN NG KAPIGHATIAN-*

Pagkatapos noon dumating kami sa Trono ng Diyos, at sinabi ng Panginoon, ***"Lingkod halika rito."*** Lumabas kami sa silid ng Trono at dumating sa isang lugar na mayroon isang napaka liit na bintana. Sinabi ng Panginoon, ***"Lingkod ngayon tumingin ka sa ibaba."*** Nakita ko ang kakila-kilabot na kalagiman, sadyang katakut-takot na kalagiman; ang buong daigdig ay mapanglaw at puno ng sakit. Sabi ng Panginoon, ***"Tignan mo lingkod, ganito ang mangyayari matapos Kong makuha ang Aking mga tao mula sa Daigdig, ganito matapos Akong bumalik, ganito kapag ang Aking mga tinawag ay naririto nang kasama Ko."*** Nakita ko ang ganoong katakut-takot na kalagiman.

Nakita ko ang mga tao na nagdiriwang nang isang saglit, subalit pagkatapos, nakita ko ang isang ama na hinahanap ang kanyang anak na lalaki, isang ina na hinahanap ang kanyang mga anak na babae, subalit hindi nila ito masumpungan, sapagkat ang Makapangyarihang Diyos ay kinuha na

sila. Ang mga magkakamag-anak ay hinahanap ang iba pang kamag-anak subalit hindi na nila sila masumpungan. Ang mga tao ay hinahanap ang kanilang mga kapitbahay subalit hindi na nila sila makita, sapagkat kinuha na sila ng Panginoon pataas kasama Niya.

Ilang kahindik-hindik na mga bagay ang nangyayari sa buong Daigdig. Nakita ko ang isang pastor na tumatakbo mula sa isang lugar patungo sa ibang lugar, at tinanong ko ang Panginoon, *"Panginoon, bakit ang tao na iyon ay tumatakbo mula sa isang lugar patungo sa iba?"* Tumugon ang Panginoon, ***"Lingkod, ang taong ito ay isang pastor, subalit dahil sa iniisip niya na Ako ay maaantala sa pagdating, siya ay naiwan. Hindi niya inisip na Ako ay darating na ngayon, ang akala niya ay matatagalan pa bago Ako muling bumalik, at iyan ang dahilan kung bakit siya naiwan."*** Ang pastor ay takbo nang takbo sa lahat ng dako, nagsasabi *"Panginoon, bakit ako naiwan? Kung ako ay isang pastor, kung ako ay may isang katungkulan sa simbahan, at ang mga mananampalataya ay wala na, ako ay naiwan? Bakit ako naiwanan?"* Sabi ng Panginoon, ***"Lingkod, wala na Akong magagawa ngayon, ang akala niya ang Aking pagbabalik ay maaantala; kaya ayan naiwan siya."***

Nakita ko kung papaanong ang taong iyon ay pahirapan. Sabi niya, I saw *"Ang tanging bagay na nais ko ay makuhang kasama ni Kristo!Ang tanging bagay na nais ko ay makasama ang Panginoon dahil ayokong maiwan dito at magdusa sa dakilang kapighatian!"* Siya ay patuloy na tumatakbo sa bawat lugar at tinatanong ang sarili *"Bakit ako naiwan? Kuhanin mo ako sa Iyo Panginoon! Ayokong magdusa rito!"* Sabi ng Panginoon, ***"Lingkod, wala na Akong magagawa ngayon, sa mahabang pahahon kinausap Ko siya at sinabi sa kanya na Ako'y malapit nang bumalik, subalit hindi niya Ako pinaniwalaan, heto, ngayon naiwan siya."***



Nakita ko ang maraming pang mga tao nagtatakbuhan sa lahat ng dako. Napaka raming tao ang mga nagtatakbuhan, malubhang naghahanap ng kapayapaan subalit hindi nila ito masumpungan. Sila'y humihiyaw, "Nais namin ang Salita ng Buhay! Kami ay nauuhaw sa Salita ng Diyos!" Subalit ito ay sadyang huli na, dahil kinuha na ng Panginoon ang Kanyang mga tinawag o 'church' na kasama Niya.

Nakita ko ang maraming mga kabataang mga babae at lalaki tumatakbo sa mga kagubatan, tumatakbo sa loob ng mga bundok nagsisikap makasumpong ng kapayapaan. Nais nila nang kapayapaan subalit hindi nila ito masumpungan. Sinabi sa aking ng Panginoon kung bakit, ***"Lingkod kinuha Ko na ang Aking mga tinawag (church), at ngayon si satanas ang siyang namamahala."*** Si Satanas na ang namamalakad sa buong Daigdig at mayroong pagpapahirap sa lahat ng dako sa Daigdig! Ang mga tao ay nagtatakbuhan sa ibat-ibang lugar. Nais nang mga tao na kanin nila ang isa't-isa ng buhay, at bunutin ang buhok ng isa't-isa. Sinisisi nila ang kanilang mga sarili at sinasaktan ang isa't-isa, dahil nais nilang makasumpong ng kapayapaan, subalit hindi nila ito masusumpungan! Hindi ito posible dahil kinuha na ng Panginoon ang Kanyang mga tinawag o 'church'.

Sadyang isang kahindik-hindik na panahon sa Daigdig, Nakita ko ang ganoong nakapangingilabot ng mga bagay. Napakaraming mga tao ang sinasaktan ang bawat isa, nagsasabi, "Nais namin ng

pag-ibig! Nais namin ng kapayapaan!" Subalit ito'y sadyang huli na! Sinabi sa akin ng Panginoon, ***"Tignan mo Aking lingkod, kinausap Ko sila, gumugol Ako sa kanila nang panahon kumakatok sa kanilang mga puso, subalit ayaw nila Akong hanapin. Kaya, ngayon sila ay naiwan at wala na Akong magagawa sa kanila ngayon. Bakit, dahil kinuha Ko na ang Aking mga tinawag (Church) kasama Ko. Habang ang Aking mga tao ay kasama Ko sa langit nagsasaya sa kasalan ng Kordero, ang lahat ng mga taong naririto ay magdurusa ng malaking kasakitan, at magkakaroon ng mga panaghoy at pagngangalit ng mga ngipin. Dahil ayaw nilang sundin ang Aking Salita, minarapat pa nilang libakin at pulaan ang Aking Salita."***

## -ANG AKLAT NG BUHAY-



Pagkatapos noon ipinakita sa akin ng Panginoon ang isang malaking aklat. Ito ay napaka kintab at yari sa ginto. Sabi ko, *"Panginoon iyong malaking aklat, para sa saan iyon?"* Sabi Niya sa akin, ***"Lingkod sa loob ng aklat na ito ay ang mga pangalan nila na nagpupuri sa Akin, ang mga pangalan ng mga nagsisi at naghanap na Aking mga landas. Dahil ito ang Aklat ng Buhay. Sa loob ng Aklat na ito nakasulat ang lahat ng mga nagkakatipon upang purihin at luwalhatiin ang Aking pangalan."*** Ang aklat at napaka laki, at ang mga mga letra ay naka sulat sa ginto. Sabi Niya, ***"Tignan mo Aking lingkod, marami sa mga pangalang ito ay hindi ko binura dahil sa Aking kahabagan; dahil marami ang tumalikod sa Akin. Marami ang tumalikod sa Akin, subalit ang Aking kahabagan ay napaka laki na hindi Ko pa sila binubura, sapagkat hindi ko ibig na ang sinuman ay mapahamak, kundi ang bawat isa ay magkaroon ng buhay na walang hanggan."*** Nagpasimula kong hipuin ang Aklat, at nakita kung gaano karaming pangalan ang nakasulat sa loob nito.

## -IMPIYERNO-

Pagkatapos noon sinabi sa akin ng Panginoon,***"Lingkod, ipapakita Ko sa iyo ang impiyernol."*** Kaya sabi ko, *"Panginoon, hindi, hindi ko ito makakayanan, sa lahat ng mga ipinakita Mo na sa akin, ako ay sagad na."* At sinabi sa akin ng Panginoon, ***"Lingkod ipapakita Ko sa iyo ang impiyerno, upang ikaw ay humayo at sabihin sa Aking mga tinawag (church) at sabihin sa mga tao na mayroong langit subalit mayroon ding isang impiyerno."*** Nagpasimula kaming bumaba nang bumaba. Malayo pa kami sa impiyerno nang magpasimula akong makarinig ng mga hiyawan at mga matitinding daing. Sabi ko, *"Panginoon alisin Mo ako rito, sapagkat hindi ko ito kayang harapin!"* Tumugon ang Panginoon, ***"Tignan mo Aking lingkod, huwag kang matakot dahil Ako ay kasama mo."*** Pumunta kami pababa sa pamamagitan ng ilang mga lagusan. Mayroon doong

malaking kadiliman sa lugar na iyon, isang kadiliman na kailanmay ay di ko pa naranasan sa ibabaw ng Daigdig.



Lumakad kami sa gilid ng ilang mga pader at nakarinig ako ng maraming kaluluwa humihiyaw, hiyaw ng sakit at pagdurusa. Sinabi ng Panginoon, ***"Lingkod sumulong tayo."*** Dumating kami sa isang lugar na may isang taong humihiyaw. *"Panginoon, bakit tayo huminto rito?"* Tumugon Siya, ***"Tignan mo lingkod, tignan mong maigi ang taong ito, dahil ang taong ito ay iyong kamag-anak sa ibabaw ng Mundo."*** At sinabi ko, *"Panginoon sino siya? Hindi ko makilala ang taong ito."* Sabi ng Panginoon, ***"Ang taong ito ay ang iyong lola habang nasa Mundo, siya ay iyong kamag-anak, subalit siya ay lubhang walang pananampalataya, kaya naririto siya ngayon sa lugar na ito."***

Sinabi niya, *"Pakiusap bigyan mo ako ng tubig, ilabas mo ako rito, sapagkat hindi ko na kaya pang tiisin ang sakit na ito, ako ay nauuhaw."* Subalit wala akong magawang anuman, ang tanging bagay na nagawa ko ay umiyak. Sabi ko, *"Panginoon dahil sa iyong walang hanggang kahabagan ang walang hanggang kabutihan, alisin Mo siya rito! Bakit siya naririto, kung ang aking mga magulang ay sinabi na siya ay nasa langit?"*

Ang sabi ng Panginoon, ***"Lingkod, sinabi ng pari sa iyong mga magulang na siya ay napunta sa langit, subalit iyon ay isang kasinungalingan, dahil sumasamba siya sa harap ng mga imahen, minamahal niya ang mga imahen, at tignan mo kung papaanong hindi siya maililigtas ng mga imahen. Maraming pagkakataon na Ako ay kumakatok sa kanyang puso, upang buksan niya ito, at Ako ay papasok sa loob, subalit pinagpasyahan niyang pagtawanan ang Aking Salita Pinagpasyahan niyang mas mabuti pang sundin ang mundo sa halip na parangalan ang Aking Pangalan, at iyan ang dahilan kung bakit siya naririto. Hindi niya kinailangang tanggapin ang Aking Salita, hindi niya kinailangang magsisi, at sinabi ng pari sa kanila na siya lumipad na sa mga langit at siya ay nasa makalangit na mga mansyon na, subalit ito ay isang kasinungalingan. Tignan mo Aking lingkod, kung nasaan siya."*** Siya ay umiiyak nang may sukdulang pananaghoy. Sabi niya, *"Bigyan mo ako ng tubig! Alisin mo ako rito!"* Sabi ng Panginoon, ***"Lingkod, wala na Akong magagawa ngayon, ang kaluluwang ito ay hindi na sa Akin kailanman."*** Kami ay tumalikod at lumakad papalayo. Sumigaw siya sa akin, *"Hindi! Huwag mo akong iwan dito! Bigyan mo ako ng tubig! Alisin mo ako rito!"* Wala na Siyang magagawa pa.

Patuloy kaming tumitingin sa napakaraming tao. Mga kaluluwa ay nagtatangkang abutin ang kasuotan ng Panginoon, sinasabi, *"alisin mo kami rito!"* Subalit sinabi ng Panginoon sa kanila, ***"Lumayo kayo sa Akin, sapagkat hindi na kayo kabilang sa Akin kailanman, kayo ay kay satanas at sa kanyang mga demonyo."*** Ito ay talagang isang kakila-kilabot na lugar, taglay ang napaka raming kaluluwa, napaka raming mga tao.

# -trono ni satanas-

Nagpatuloy kami sa pagsakay at dumating sa isang napaka kakila-kilabot na lugar, at sinabi ng Panginoon, ***"Tignan mo lingkod, ipapakita ko sa iyo ang trono ni satanas."*** *"Hindi Panginoon! Hindi ko nais na makita ang tronong iyon!"* Sumagot Siya, ***"Lingkod huwag kang matakot, sapagkat Ako ay kasama mo."*** Pagkatapos dumating kami sa isang kakila-kilabot na kahindik-hindik na lugar, nakita ko ang isang malaking upuan na si satanas ay naroon. Siya ay mayroong malalaking mga pako, at siya ay tumawa ng tumawa, hindi siya humihinto sa pagtawa. Nakita ko rin ang mga demonyo sa lahat ng dako. Nakita ko ang ibat-ibang sukat ng mga demonyo, nakita ko ang mga pamunuan, nakita ko ang mga moog, at maraming ibat-ibang mga demonyo. Nakita ko kung papaanong si satanas ay magbigay ng mga utos sa kanyang mga demonyo, mga utos na umakyat sa Mundo at magbunsod ng lahat ng uri ng mga masasamang mga bagay.



Nakita ko kung papaanong ang mga demonyo ay umakyat at nagbunsod ng mga pagbagsak, mga katayan, mga pagtutunggali, mga diborsyo at lahat ng uri ng mga masasamang bagay. Pagkatapos sila ay magsisibaba at iuulat sa kanya ang lahat ng bagay na ginawa nila. At si satanas ay tatawa nang tatawa. Si satanas ay nagbibigay ng mga pabuya sa mga demonyo, at ang mga demonyo ay magpapasimulang ipagdiwang siya, at purihin siya at awitan para sa kanya.

Nakita ko kung papaanong si satanas ay mayroong napaka raming planong wasakin ang mga Kristiyano, malalaking plano upang wasakin ang mga lingkod ng Diyos. Nakita ko ang malalaking simbahan at mga kapulungan na puno ng mga bagong uso. Sabi ng Panginoon, ***"Tignan mo lingkod, ang mga simbahang ito ay inaalihan ni satanas, at hindi sila maaring umakyat sa Akin."***

Ipinakita sa akin ng Panginoon kung papaanong ibunsod ng mga demonyo ang marami sa pagpatay, at pagkatapos ang lahat ng mga kaluluwang iyon ay hahantong sa ganitong kapahamakan, isang kakila-kilabot na lugar. Nakita ko ang isang pugon, at sinabi ng Panginoon, ***"Tignan mo lingkod, ito ang lawa ng apoy, at ito ang impiyerno."***

Sa tuwing ang mga demonyo ay ibinubunsod ang mga pagkakatay, ang lahat ng mga kaluluwa ay lumalagpak sa lugar na ito. Tutupukin sila ng apoy at sila ay matutunaw. Ang mga kaluluwa ay nananangis taglay ang kirot at sindak, at ang mga demonyo ay babalik sa trono ni satanas at sasabihin kung ano ang kanilang ginawa. Si satanas ay tatawa nang tatawa at magbibigay ng gantimpala sa mga demonyo. Pagkatapos ang mga demonyo ay aawit at tatalon para sa kanya, at gagawin ang lahat ng uri ng bagay upang ipagbunyi siya. Si satanas ay tumawa ng may galak at kapalaluan dahil sa pagdating ng lahat ng mga kaluluwa sa impiyerno. Patuloy silang lumalagpak sigundo kada sigundo, at si satanas ay sobrang palalo na siya humihinto sa pagtawa.

Nadama ko rin sa lugar na iyon ang maraming masasamang damdamin, maraming mga moog o kuta. Sabi ko, *"Panginoon pakiusap alisin Mo ako rito, hindi ko na ito makakayanan pa."* Susundutin at pahihirapan ng mga demonyo ang mga kaluluwa roon. Ang mga kaluluwa ay hihiyaw, *"Iwan ninyo kami! Iwan ninyo kami sa kapayapaan, hindi na namin gusto ang mga pahirap, gusto namin ang makapayapaan!"* At ang mga demonyo ay magsisitawa.

# -ANG BANAL NA LUNGSOD-

Pagkatapos noon umalis kami at sinabi ng Panginoon, ***"Tignan mo, lingkod ipapakita Ko sa iyo ang Banal na Lungsod, upang ikaw ay makahayo at sabihan ang Aking mga tao sa kadakilaan ng mga inihanda Ko para sa kanila."*** Tumungo kami pataas at dumating sa isang magandang lugar, na kung saan mayroon magagandang mga punong-kahoy, napaka tataas na mga puno ng pino. Lahat ng mga bagay doon ay napaka ganda. Nakakadama ako ng isang sakdal na kapayapaan.

Sa loob ng pintuan ng lungsod na iyon ay isang magandang bahag-hari. Mayroong napaka raming mga anghel sa magkabilang bahagi ng isang lansangan. Pumasok kami sa pintuan at sinabi ng Panginoon, ***"Lingkod, ito ang Banal na Lungsod."*** Lumakad kami hanggang sa dumating kami sa isang hardin na puno ng magagandang mga rosas, na hindi ko pa nakita sa Mundo.



Binitiwan ko ang kamay ng Panginoon at ako ay tumakbo sa hardin. Niyakap ko ang mga bulaklak, sila ay napaka banayad at ang kanilang amoy ay napaka sarap. Ako ay puputol ng isang bulaklak subalit sabi ng Panginoon, ***"Hindi lingkod, hindi ka pa maaaring kumuha ng anuman. Maaari mong kunin ang mga bulaklak na ito kung ang Aking mga tao ay naririto na, kapag ang Aking mga tinawag (Church) ay dumating sa lugar na ito, pagkatapos maaari mo nang kunin ang mga bulaklak."*** At sabi ko, *"Panginoon, gusto ko lamang kumuha kahit isang bulaklak upang dalhin sa Mundo at ipakita ito sa lahat ng simbahan."* Subalit sinabi ng Panginoon, ***"Hindi, lingkod, dahil ang Aking mga tao ay wala pa rito."*** Nakita ko ang maraming ibat-ibang uri ng magagandang bulaklak.



Pagkatapos sumakay kami sa loob ng magagandang luntiang damo. Naupo ang Panginoon sa damuhan, at may taglay na magandang ngiti sinabi Niya, ***"Lingkod, lahat nitong nahihipo mo at nakikita ay inihanda Ko para sa Aking mga tao."***

Pagkatapos sumakay kami patungo sa isang lugar na mayroong isang malaking puno na hitik sa bunga. Sabi ko, *"Panginoon, ang punong ito? Ano ang ibig sabihin ng punong ito? At lahat ng mga bungang ito?"* Pipitasin ko na rin sana ang isa sa mga bunga ngunit sinabing muli sa akin ng

Panginoon, ***"Hindi, lingkod, hindi mo pa maaaring kunin ang mga bunga, dahil ang punong ito ay ang puno ng Buhay, at mula sa punong ito ang Aking mga tao ay kakain kapag sila ay umakyat na rito. Sa ngayon hindi ka pa maaaring kumuha ng anuman hanggang ang Aking mga tao ay dumating dito."*** Ang puno ay talagang nagtataglay ng napaka gagandang mga bunga.

Pagkatapos nagpatuloy kami sa pagsakay, at nakita ko ang napaka raming magagandang mga paru-paro at mga hayop. Sabi ng Panginoon, ***"Lingkod lahat ng mga bagay na ito rito ay para sa Aking mga tao. Sabihin mo sa Aking mga tao na malapit na malapit na , sila ay tutungo na rito, nakasakay dito sa banal na lungsod."***

Nagpatuloy kami at dumating sa isa pang magandang lugar, na mayroong malalaking mga puno at mga pino. Sabi ng Panginoon, ***"Lingkod, ang lahat ng ito ay para sa Aking mga tao. Lingkod, lumapit ka dahil ipapakita Ko sa iyo ang mga hiwaga."***



Dumating kami sa isang magandang lugar na puno ng mga anghel. Isang anghel ay malaki, at may hawak na isang malaking trumpeta nasa kanyang bibig. Sabi ko, *"Panginoon, ang anghel na iyon, ano ang ibig sabihin noon?",* Tumugon ang Panginoon, ***"Tignan mo lingkod, ang anghel na ito ay naghihintay para sa isang hudyat, ang anghel na ito ay naghihintay para sa isang utos na Aking ibibigay, upang pasimulan niyang patunugin ang trumpeta, at kapag ang anghel na ito ay nagpasimulang patunugin ang trumpetang iyon, ang Aking mga tao ay kukunin pataas at babaguhin. Subalit siguraduhin mo ang isang bagay lingkod, ang trumpetang ito ay maririnig lamang ng mga nagbabantay! Kaya humayo ka at sabihin mo sa Aking mga tao na magbantay, sabihin mo sa Aking mga tao na huwag matulog, dahil kapag ikaw ay nakatulog, hindi mo maririnig ang trumpeta, sabihin mo sa Aking mga tao na magbantay, para sa kanila na natutulog, hindi Ko sila maibabangon pataas."***

Ang anghel ay napaka laki at maganda, at sa kanyang likuran ay marami pang mga anghel na mayroong maliliit na trumpeta. Ang mga trumpetang iyon ay yari sa ginto, at sila ay napaka kintab. Sabi ng Panginoon, ***"Lingkod, sabihin mo sa Aking mga tao na maghanda na, dahil malapit ko nang ibigay ang utos para patunugin ang trumpeta."***



Nagpasimula kaming sumakay muli at sabi ng Panginoon, ***"Tignan mo lingkod, ipapakita Ko sa iyo ang Trono ng Aking Ama. Hindi ko pa ito naipakita sa iyo, subalit ipapakita Ko na ngayon, upang ikaw ay makahayo at sabihan ang Aking mga tao na ang Aking Ama ay tunay, at Ako ay tunay."*** Lahat kami ay nagpasimulang maglakad, ang Panginoon, ang mga anghel at ako. Nang kami ay malayo pa mula sa Trono ng Ama, naramdaman ko na hindi ko na ito kayang tanggapin pa; hindi ko kayang tumayo sa harap nang ganoong kapangyarihan at kaluwalhatian. Habang kami ay papalapit nang papalapit, naramdaman ko na ako ay parang isang balahibo, hindi ako halos maka

lakad. Kung hindi lamang ako hinahawakan ng mga anghel, hindi ako makapagpapatuloy sa paglalakad.

Dumating kami sa Trono ng Ama, at nararamdaman ko ang ganoong katakut-takot na kapangyarihan mula sa Trono. Makapangyarihang kidlat ay nagbuhat sa Trono; ito ay napaka maluwalhati at malaki. Ganoong kapangyarihan ay nakapalibot sa Trono; ito ay naglalabas ng liwanag at yari sa ginto. Mayroong nakaupo sa Trono, subalit hindi ko makita ang kanyang mukha, hinid ko makayanan ang kapangyarihang nagmumula sa Trono. Ang tanging nakikita ko lamang ang Ama mula sa Kanyang baywang pababa. Subalit mula sa Kanyang baywang pataas, hindi ko makita dahil doon ako ay bumagsak o napalugmok sa sahig. Ako ay bumagsak dahil hindi ko makayanan ang ganoong kapangyarihan at kaluwalhatian.



Pagkatapos noon nakita ko ang 25 na matatanda nagpupuri at niluluwalhati ang Pangalan ng Panginoon. Nakita ko ang malalaking mga arkanghel niluluwalhati rin ang Pangalan ng Panginoon. Ang 24 na matatanda ay lumuhod na nagsasabi ***"Banal, Banal, Banal ikaw oh Panginoon!"*** Ang mga anghel ay hindi napapagod sa pagluluwalhati at pagpupuri sa Panginoon, at ang mga matatanda ay hindi humihinto sa pagluluwalhati sa Pangalan ng Panginoon. Pambihirang apoy lumabas mula sa Trono, mayroon doong napaka raming magagandang mga bagay sa loob ng Tronong iyon.



Pagkatapos kami ay umalis at dumating sa isang lugar na kung saan ay mayroong isang malaking anghel. Sabi ko, *"Panginoon sino ang anghel na iyonl?"* Tumugon ang Panginoon, ***"Tignan mo lingkod, ito ang anghel na Gabriel, at tignan mo itong isa pang anghel, sapagkat ito ay si Michael."*** Sila ay napaka lalaki at magaganda. Sabi ng Panginoon, ***"Lingkod, sabihin mo sa Aking mga tao na ang anghel Gabriel at ang anghel Michael ay talagang totoo."***

Pagkaraan sabi ng Panginoon, ***"Lingkod, halika rito, dahil ipapakita ko sa iyo ang pamalo."*** Dumating kami sa iba pang lugar na kung saan nakita ko ang Panginoon kinuha ang isang pamalo na may tatlong dulo. Hinataw Niya ito sa isang napaka laking silya, at sinabi, ***"Lingkod ito ay para sa mga masuwayin, ang pamalong ito ay para roon sa ayaw sumunod sa Aking Salita, kaya, pagkatapos papaluin Ko sila sa pamamagitan ng pamalong ito, dahil pinaparusahan Ko ang Aking mga minamahal."*** Nakita ko kung papaanong hatawing ng Panginoon ang silya sa pamamagitan ng pamalong iyon, at sinabi ko, *"Pakiusap Daddy, huwag mo akong hatawin ng pamalong iyan!"* Tumugon siya, ***"Mabuti lingkod, kaya sundin mo Ako, dahil sila na ayaw sumunod sa Akin ay dinidisiplina Ko."*** *(**Pahayag 3:19** Sila na Aking minamahal ay sinusuway at dinidisiplina Ko. Kaya magpursigi ka, at magsisi.)*

Pagkatapos dinala ako ng Panginoon sa isang mahalagang lugar, isang pambihirang lugar, na kung saan nakita ko ang maraming koronang ginto. Subalit ang mga koronang iyon ay mayroon nang mga pangalan nakasulat sa kanila, at punung-puno ng mga perlas! Sabi ng Panginoon, ***"Tignan mo lingkod, ang koronang ito ay para sa Aking lingkod na si Yiye Avila, at ang isa pang ito ay para***

***sa Aking lingkod na si Arturo García."*** Ang mga korona ay napaka hahalaga! Sa isang korona nakasulat ***"Aida Vadillo"***, isa pa ay may ***"Miguel Duran"***, at ang isa pa ay may ***"Armando Duran."*** *"Panginoon ngayon nakikita ko at nahihipo ang lahat ng mga korona ng mga lingkod."* Nakita ko rin ang mga korona para kay ***"Pablo Pintado"***, at ***"Nahum Zamudio."***

Sabi ng Panginoon, ***"Lingkod, dito pinahintulutan kita na makita. Ito ay para ipakita sa iyo na ang mga korona ng Aking mga lingkod na nagpapagal sa Aking ubasan, taglay Ko sila rito. Kaya iyong makikita Aking mga lingkod na nangangaral ng Aking salita. Mayroon Akong malalaking gantimpala para sa kanila."*** Nakita ko ang libu-libo at kibu-libong mga korona, lahat para sa kanila na may mga pangalang nakasulat sa ibabaw.



Hinipo ko ang isa pang korona, subalit nakita ko na ang koronang ito ay nagpasimulang mawala ang lahat ng mga bato sa ibabaw nito. *"Panginoon! Huwag mong pabayaang ito ang aking korona!"* Sabi ng Panginoon, ***"Tignan mo lingkod, ito ang mangyayari sa kanila na ayaw nang magpagal muli sa Aking ubasan, sa kanila na piniling italikod ang kanilang mga likod sa Akin sa halip na Ako ay purihin. Tignan mo lingkod, itong mga lingkod na ito na ayaw nang purihin Ako muli, ito ang mangyayari sa kanilang mga korona. Sa mga lingkod na ayaw nang magpagal muli sa Aking ubasan, ito ang mangyayari sa kanilang mga korona."*** **(Pahayag 3:11)**

Pagkatapos dinala ako ng Panginoon sa isa pang napaka gandang lugar, at nakita kong maraming tao ang nangatutulog. Suot-suot nila ang napaka puputing mga balabal. Sabi ko, *"Panginoon, sino ang lahat ng mga taong ito?"* Tumugon ang Panginoon, ***"Tignan mo lingkod, ang lahat ng mga taong ito rito ay yaong nangamatay sa ibabaw ng Mundo, at sila ngayon ay naririto nagpapahinga rito sa paraiso, at kapag binigay ko ang utos para patunugin ang trumpeta, silang na nga matay ay unang bubuhaying muli at pagkatapos sila na nangarito sa ibabaw ng Mundo."*** Mayroon doong maraming mga tao, at ang kanilang mga kasuotan ay napaka puputi. **(1 Tesalonica 4:16-17)**

Wala pang sinumang nagsasalita kahit kanino; sila'y nangatutulog lang, sa isang napaka lalim na pagtulog. At sinabi sa akin ng Panginoon, ***"Lingkod sila ay nagpapahinga, subalit kapag ang trumpeta ay tumunog, sila ay unang ibabangon, at pagkatapos sila na nananatili sa ibabaw ng Mundo ay itataas kasama nila, upang makasama Ko. At pagkatapos maipagdiriwang na natin ang Kasalan ng Kordero."***

**[Ang WAKAS]**
ni ***Jannet Balderas Canela***

***Isinalin sa tagalog: Reyn Araullo***
***e-mail:pastorrey@gmail.com***
***ika-9 ng Pebrero, 2008***